

# 1

Marahas na ungol ang kumawala sa bibig ni Niall nang dumantay ang mainit na labi ng babaeng kasama niya sa ibabang bahagi ng kanyang katawan. The woman was a monster. She suggested that they do it inside the car. Siyempre ay game na game naman siya.

He tangled his fingers in her hair and grabbed it brusquely. “Give me more, Shaley... more,” anas niya sa pagitan ng malalalim na hininga.

Humagikgik ito at lalong pinag-igihan ang ginagawang pagpapala sa kanyang katawan. It made him groan. There was something in her mouth na hindi niya matukoy kung ano, but it felt so hot and insane. She kept stroking him from his abdomen down to the diamond-shaped area on the inferior surface of his trunk hanggang sa tumirik ang mga mata niya sa ibayong sensasyon na dulot niyon.

Hinila niya pataas ang dalaga at kinuyumos ng halik ang mga labi nito. “You little bunny, I’ll show you a night you will never forget,” bulong niya sa tainga nito at muling sinakop ang mga labi nito habang kinakapkap ng mga kamay niya ang bulsa.

“Shit! Nasaan na iyon?” inis niyang saad, sandaling humiwalay sa kahalikan, habang pilit na hinahagilap ang kinaroroonan ng kanyang rubber protection. Wala iyon sa bulsa

ng kanyang pantalon. Wala rin iyon sa leather wallet niya. Muli siyang napamura sa labis na inis at pagkadismaya.

“It’s okay, Babe. We can still do it without the rubber,” malambing na pahayag ni Shaley habang himas-himas ang kanyang malapad na dibdib.

“No, Babe. I need my *Johnny Bag*,” tukoy niya sa rubber glove. “Number one rule: no *Johnny Bag*, no play.” Totoo iyon. Numero unong patakaran niya sa buhay ay ang gumamit ng proteksyon sa tuwing makikipagniig. He practiced responsible sex. Maaaring pilyo siya at babaero ngunit hindi siya pabaya at alam niya ang posibleng outcome ng mga bagay na sinusuong niya.

He knew the consequences. One mistake could lead to unwanted pregnancy, danger of acquiring sexually transmitted diseases, and worst... it could destroy lives.

Napangiwi si Shaley sa tinuran niya. She pouted her lips. “Then go and grab one. Hayun lang ang store, o,” turo nito sa corner store sa tapat ng kalye.

Ibinaba niya ang tinted window ng kotse, nakahimpil ang sasakyan nila sa ilalim ng mayabong na puno. Inilibot niya ang mga mata sa paligid. Kalat na ang dilim sa kalangitan. Walang masyadong bahay sa kinaroroonan nila. Tuwing umaga ay mga portable na tindahan ang nakalatag sa parteng iyon. Sa tapat nga ng kalye ay may maliit na store.

“Bibili lang ako. Dito ka lang,” bilin niya sa dalaga. Inayos

*The Heartbreaker Beast - Ingrid De La Torre*

---

muna niya ang sarili bago bumaba ng kotse. Tuluy-tuloy lang siyang pumasok sa loob ng tindahan. Walang masyadong tao sa loob niyon. Isang tao lang ang kasalukuyang nagbabayad sa cashier.

Mayroong anim na istante sa loob ng tindahan at naka-display roon ang mga common groceries and toiletries. May malaking refrigerator sa bandang kaliwa kung saan nakaimbak ang mga alcoholic beverages at soft drinks. May ice cream machine sa tabi niyon.

Inikot niya ang mga mata at nakita niyang nakalagak sa isang maliit na eskaparate sa tapat mismo ng counter ang iba't ibang klase ng rubber protection.

A naughty grin curved his lips. "Bingo! I can already smell red love and sexy lingerie on the tip of my nose."

Akmang lalapit na siya sa counter nang may umagaw sa pansin niya. Grupo ng kabataang babae, nagchichikahan at nagtatawanan ang mga ito. Napatingin sa kanya ang mga ito at saglit na nagbulungan, nakalarawan sa kislap ng mga mata ang kapilyahan.

Tinulak ng mga ito papunta sa direksyon niya ang pinakamaganda sa grupo. Sa tantya niya ay naglalaro sa seventeen hanggang eighteen ang edad nito. Her hair was a rich shade of golden brown. Natural na maalun-alon iyon na sadya pang kinulot ang dulo. She wore gray-green contact lenses with

a black edge. There was a playful glint in her eyes, they were bright and sparkling. She had a cute snub-nose, and full, violet-colored lips.

Maliit lang ito, lumampas lang nang kaunti sa kilikili niya ang taas ng babae. Ngunit pamatay naman ang kurba ng katawan nito na na-emphasize ng suot nitong body-fit black sleeveless top at latex leggings. May itim na choker nakapaikot sa makinis nitong leeg. Nagtapos ang porma nito sa black rubber shoes.

Lihim siyang napasipol. The woman had a dark fashion sense. Personally, hindi siya mahilig sa ganoong estilo pero kailangan niyang aminin na bumagay naman iyon sa babae.

“Hi there, hunky-dory! You look...” Malagkit siya nitong tinitigan mula ulo hanggang paa saka ngumiti nang matamis, “yummy,” dugtong nito, sabay kindat sa kanya.

Kakaiba ang paraan nito ng pagkindat. May bahid ng lagkit at pang-aakit iyon. Oh, he loved it! Nawaglit na sa isipan niya si Shaley. This woman in front of him, whoever she was, had mastered the art of seduction. Gayunman ay kailangan niyang iwasan ito, kahit na gaano pa kalakas ang angkin nitong alindog. Holy roses! She was too young, for crying out loud! Baka makasuhan pa siya ng corruption of a minor.

“Hey, look at me,” pukaw nito sa paglalakbay ng isipan niya. Bahagya pa nitong ipinitik ang daliri sa harap ng kanyang mukha. “I’m not a teenager anymore. I’m already twenty years

old. So please, 'wag mo nga akong tingnan ng ganyan na parang takot kang makaladkad sa bilanguan. Nobody can file charges against you, all right?" litanya nito na parang nababasa ang mga bagay-bagay na naglalaro sa kanyang isipan.

Sinulyapan niya ang entrance ng tindahan, wala na roon ang mga kaibigan ng babae. "Where are your friends?" usisa niya rito.

"Nasa counter, probably buying something. Don't mind them. I want your full attention, Handsome." Inilapat nito ang kamay sa pisngi niya at pilit siyang pinaharap dito. Muling nagtagpo ang kanilang mga mata. Kakaiba rin ang mga matang iyon, tila ba hinihigop siya ng mga titig nito. Tumaas ang sulok ng mga labi nito para sa isang kahali-halinang ngiti.

*Fine! You're feeding bones to the dog, I should go ahead and take a huge bite*, he thought. Animo sumuko na ang hangarin niyang huwag itong patulan. She was, after all, very attractive. Kahit ano ang gawin niya, alam niyang pahapyaw lang ang kagustuhan niyang layuan ito. Isa pa ay sinabi nitong hindi na ito teenager. Alam na nito kung ano ang tama at mali. If this was right for her, sino siya para kumontra?

Sinuklian niya ng nakapangangatog-tuhod na ngiti ang dalaga, displaying eight of his pearly white teeth. "What's your name, Sugar?"

Inihimlay nito ang mainit na palad sa dibdib niya at sinalubong ang matiim niyang titig.

*Palaban ang babaeng ito, naisip niya. Gahibla na lang ang espasyong nakapagitan sa kanilang mga katawan at halos singhot na niya ang natural nitong bango.*

“Call me ‘Lady Rhinosaur’,” sagot nito na in-stress pa ang tunog ng letrang ‘R’ saka dinaklot ang kuwelyo ng kanyang plain white polo shirt. Ang isang kamay naman nito ay malayang naglulumikot sa ibang bahagi ng katawan niya.

“Wow, I like that... a horned beast.” Gusto niyang pagpawisan nang mga sandaling iyon. Kakaiba ang excitement na hatid nito sa dugo niya.

“And you’re a horned beast yourself,” balik nito.

Yumuko siya at inilapit ang mga labi sa tainga ng dalaga. “I like you. You wanna go somewhere private?” derechahan niyang saad, sabay dakma sa pang-upo nito, pressing his lower body against her soft abdomen.

Napapitlag ito at disimuladong inilayo ang katawan sa kanya. Gusto niyang mapangisi nang makitang sandaling dumaan ang pagkagulat sa mukha ng babae bago ito muling ngumiti. “I like you, too. Attracted kasi ako sa mga perverts, kagaya mo,” malambing ngunit mariin nitong bigkas.

Natawa siya sa deskripsyon nito sa kanya. What a great way to describe him—a perv. Nagpakitang-gilas lang naman siya. Hindi siya ganoon sa lahat ng babae. Ang paraan ng kanyang pakikitungo ay nakabase rin mismo sa tipo ng babaeng

pinakikitunguhan niya.

He knew the kind of this lady rhinosauro. Marami na siyang nakasalamuhang pareho sa pag-uugali nito—carefree and aggressive. Game sa one-night stand and brief affair. Fling material. The kind of woman who would gladly jump on his bed and do the tango with him.

“I don’t really like it when women call me pervert, but I can make a little exception for you. So what do you say we leave this place now? I’ll just go get some rubber gloves. Name your flavor, Sugar,” he said rather haughtily. Saka lang sumagi sa isip niya si Shaley. Naghihintay pa rin pala ito sa loob ng kotse niya. Ano ngayon ang gagawin niya sakaling sumama sa kanya ang kaharap? Of course, he wouldn’t kick Shaley out of his car. Bahala na.

Hindi nakaligtas sa mga mata niya ang pagtalim ng kislap ng mga mata ng dalaga. Hindi rin niya masabi kung nakangiti ito o hindi. Mariing magkalapat ang maninipis nitong labi na bahagya lang umangat ang sulok. Was she smiling or what? May nasabi ba siyang mali? Ito naman ang nagsimula sa larong iyon, he was just playing her game.

“You know what, you’re not just a perv. You’re a mega A-hole kind of person who cares only for people wearing a skirt,” asik nito sa kanya, sabay dakma sa bagay na nasa pagitan ng mga hita niya. Hawak siya nito sa paraang hindi maganda sa pakiramdam. Nadi-distort na ang hitsura niya sa nakakapanghinang ngilo na

bumabalot sa kanyang sistema.

“Bettina!” malakas na sigaw ng mga kaibigan nito. May sinesenyas ang mga iyon na hindi niya maintindihan.

Saglit nitong nilingon ang mga kasamang nasa entrada na ng tindahan bago muling bumaling sa kanya. “You truly deserve this. Enjoy this wonderful experience,” makahulugang saad nito, saka lumuwag ang kapit kay ‘Niall Jr.’ niya, his weak spot... the chink in his armor.

Nakahinga nang maluwag ang binata. Pakiramdam niya ay pinangapusan siya ng hangin sa ginawa nitong iyon. Sunud-sunod ang ginawa niyang pagsagap ng hangin.

“You psycho witch!” he hissed, his eyes were fuming red.

Umakyat yata ang dugo sa bumbunan niya sa sobrang galit. What the hell was wrong with her? Ito iyong unang lumapit at lumandi sa kanya pagkatapos, ito pa ang may ganang magalit ngayon? This woman got a crackpot mind!

“Feeling mo iyon na iyon? Wait lang, may kasunod pa,” anito, sabay tili nang malakas.

Napaurong siya sa ginawa nito. Tunay nga itong baliw.

Kaagad na nagsipaglapitan dito ang mga tao kabilang na roon ang nagbabantay sa tindahan. Gusto niyang palakpakan ang babae sa husay nitong umarte. Para bang napakadali lang para rito ang lumuha at kayang-kaya nitong pekein ang panginginig



ng labi.

“N-nakita ko ang lalaking iyan na nagsa-shoplift. N-nang makita niyang nahuli ko siya ay bigla na lamang niya akong tinutukan ng maliit na patalim,” pahikbi-hikbi nitong hayag, sabay turo sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ni Niall, lalo na nang sumentro sa kanya ang atensyon ng lahat ng taong naroroon. Disgusto at galit ang nakikita niya sa mukha ng mga ito.

Matigas siyang umiling. “Hey, brat, cut this bullcrap! Hindi na ako natutuwa sa ’yo. I don’t even carry a single deadly weapon with me—“

“N-nasa bulsa niya... N-nakita kong isinuksok niya sa bulsa niya,” putol nito sa sinasabi niya.

“Pare, kakapkapan ka lang namin.” Lumapit sa kanya ang taong nagbabantay sa tindahan.

“What! Okay, fine. Kapkapan ninyo ako para mapatunayan kong wala akong ginagawang masama.” Itinaas niya ang magkabilang braso. “There. Go ahead, ’wag kayong mahihiya,” sarkastiko niyang dugtong. This was insane! Hindi siya makapaniwalang naiipit siya sa ganoong sitwasyon.

“Pare, sumama ka sa amin sa opisina,” deklarang lalaking kumapkap sa kanya. Hawak nito ang isang Swiss Army knife, maliit na kahon ng cheese, at isang pakete ng sour cream. Nahugot

nito ang mga iyon mula sa bulsa niya.

*How the heck did that happen? That's not even possible!* Paano naisuksok ang lahat ng iyon sa kanyang bulsa nang hindi man lang niya namamalayan? Tila lumobo ang kanyang ulo at pakiramdam niya ay tatalon ang utak niya palabas ng kanyang bungo.

Pumiksi siya nang akmang hahawakan siya ng lalaki. “Nagkakamali kayo, wala akong kinalaman dito. Iyang babaeng iyan ang may kagagawan ng lahat ng ito. Siya ang kaladkarin ninyo sa opisina,” turo niya sa dalagang hindi paawat sa pag-arte at kunwari ay inaalo ng mga kaibigan nito. Sa pagkakataong iyon ay nangangati na ang kamay niyang lamukusin ang maganda nitong mukha. “Mukha ba akong shoplifter sa inyo? Hindi ako gusgusin. Hindi ako kleptomaniac. I’m a businessman, I’m rich, at ni hindi nga ako kumakain ng mga dairy products, *por Dios!*” nanggigigil sa inis niyang bulalas.

“Maraming mayayamang mahilig mag-shoplift. Wala sa hitsura o katayuan sa buhay iyan. Ang direktang punto dito, nagnakaw ka. May ebidensyang nakuha mula sa ’yo, kaya sumama ka na sa opisina at doon ka na magpaliwanag.”

Animo pinagkakaisahan pa talaga siya ng tadhana dahil biglang dumami ang mga taong pumasok sa tindahan at may dumating pang mga pulis na sigurado siyang hindi ipinatawag ng bantay ng store. Nagkataon lang talagang nagawi roon ang mga alagad ng batas. Ang mangyayari ngayon, bukod sa bantay at may-ari ng tindahan ay makikisali pa sa interogasyon ang mga

pulis.

Suddenly, Niall felt sick. Pakiramdam niya ay isa siyang malansang isda na ibinibilad sa palengke. Hindi na niya hinintay na muli siyang hawakan ng bantay. Nauna na siyang nagtungo sa opisina. Kailangan niyang ikubli ang mukha sapagkat natutunaw na siya sa hiya.

*I will peel you alive, psycho witch!*